SENADO NG PILIPINAS

**ROBINHOOD C. PADILLA**
SENADOR

## OPISYAL NA PAHAYAG UKOL SA PAGBIBITIW BILANG EXECUTIVE VICE PRESIDENT NG PARTIDO DEMOKRATIKO PILIPINO-LAKAS NG BAYAN (PDP-LABAN)

Ngayong araw, ika-29 ng Mayo, 2023, akin pong inihain ang aking hindi na mababawing pagbibitiw o irrevocable resignation bilang Executive Vice President ng Partido Demokratiko Pilipino–Lakas ng Bayan (PDP-Laban). Gayunpaman, akin pong ipinahahayag ang aking hangarin na manatili bilang miyembro ng Partido.

Ipinaaabot ko muli ang aking pasasalamat sa kalipunan ng ating mga iginagalang na opisyal at miyembro ng PDP-Laban sa kanilang buong tiwala at pagtanggap sa inyong lingkod bilang isa sa mga tagapamuno ng Partido.

Batid ko na mas malayo pa ang tutunguhin ng PDP-Laban, at kasabay nito, ang mas malaki at maigting na responsibilidad na kadikit ng tungkulin ng Ikalawang Tagapangulo. Bilang nanunungkulang Senador na mayroong mabigat na mandato sa taumbayan, mulat po ako na kailangang magbigay daan ang ibang pananagutan, kabilang na ang aking posisyon bilang EVP, para sa mas epektibong pagganap sa aking mga sinumpaang tungkulin sa bayan.

Bilang isang aktibo at progresibong Partido, buo ang aking paniniwala na nararapat lamang na magkaroon tayo ng susunod na Ikalawang Tagapangulo na makapaglalaan ng buong oras upang gumanap sa mga itinakdang responsibilidad nito.

Nagtitiwala ako na ang aking desisyon ay para sa mas kapakinabangan at kabutihan ng PDP-Laban at sa lahat ng miyembro nito tungo sa kolektibong hangarin ng Partido - at higit sa lahat, sa mga mamamayang Pilipino.

Tulad ng aking sinumpaaan, asahan ninyo ang aking patuloy na aktibong pakikilahok at pagsasabuhay ng ating iisang mithiin.

Akin ang karangalan.

Room 506 Senate of the Philippines, GSIS Financial Center, J.W. Diokno Boulevard, Pasay City
Telephone: (02) 8571-5175 • Trunkline (02) 8552-6601 to 80 loc. 8624 / 5843 / 5844 • osrobinpadilla@gmail.com